
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2: Pagsagot ng mga Tanong na Bakit at Paano



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Pagsagot ng mga Tanong na Bakit at Paano**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Ferdinand C. Legaspi |
| **Editor:** | Abadesa D. Sabordo |
| | Joanna Jasmin C. Dela Cruz |
| **Tagasuri:** | Marissa A. Olilang |
| | Ma. Gemma A. Bimbao |
| | Celestino S. Dalumpines IV |
| **Tagaguhit:** | Leo D. Gali |
| | Swelyn E. Forro |
| **Tagalapat:** | Jeson A. Telesforo |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma |
| | Salvador O. Ochavo Jr. |
| | Elena P. Gonzaga |
| | Jerry A. Oquindo |
| | Segundina F. Dollete |
| | Shirley A. De Juan |
| | Merlie J. Rubio |

**Inilimbag sa Pilipinas ngDepartment of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2:
## Pagsagot ng mga Tanong na Bakit at Paano

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsagot ng mga Tanong na Bakit at Paano.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, at ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsagot ng mga Tanong na Bakit at Paano.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Para sa magulang:

Bilang mga magulang, kayo ay mahalagang kaakibat sa edukasyon. Malaki ang inyong bahagi dahil naiimpluwensiyahan ninyo ang mga pag-uugali ng inyong mga anak at naipapasa ang inyong kaalaman sa kanila. Kayo ay mahalagang koneksyon sa pagitan ng bahay at paaralan.

Ang pinakahangarin ng ugnayan sa pagitan ng paaralan at magulang ay magkaroon ng kolaborasyon na naglalayong tulungan ang mga mag-aaral na makaroon ng mabuting edukasyon at matagumpay na kinabukasan.

Ang positibong saloobin at obligasyon bilang magulang ang susi sa maayos na pag-aaral ng mga anak. Kaya naman, isang napakagandang oportunidad bilang isang magulang na maging bahagi sa pagpapaunlad ng karunungan ng mga mag -aaral sa pamamagitan ng paggabay sa kanilang pag-aaral gamit ang materyal na ito. Bilang gabay, mahalaga ang iyong papel tungo sa pagtupad ng kanilang pangarap.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:


1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.

3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*




Sa araling ito inaasahan sayo na:

- nasasasagot ang mga tanong na bakit at paano
  **(F6PB-If-3.2.1)**

## *Subukin*



Simulan na natin! Halina't basahin natin ang kuwento ni Francis. Matapos mong mabasa ang kuwento, **PANUTO:** sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**Kasipagan ang Puhunan**

Si Francis ay isang anak-mahirap na nakapag-asawa nang maaga. Mayroon siyang tatlong anak. Upang mairaos ang buhay, siya'y nagtitinda ng diyaryo sa araw at nag-aaral sa gabi.

Sa paglipas ng mga taon dumarami ang mga bumibili sa kaniya ng diyaryo at dumami na rin ang kaniyang mga suki. Nakabili siya ng sasakyan na ginagamit niya ngayon sa pagrarasyon ng mga diyaryo. Dahil sa kaniyang sipag at tiyaga, umunlad ang kanilang kabuhayan at nakapagtapos rin siya ng pag-aaral. Nakapagpatayo siya ng sariling bahay at napagtapos pa sa pag-aaral ang tatlong anak. Kilalang-kilala at iginagalang siya ng buong bayan.

Sa kasalukuyan, siya ang alkade ng kanilang bayan.

*Sariling Akda: Ferdinand C. Legaspi*

**Mga Tanong:**

1.Tungkol kanino ang binasa?

2. Ano ang kalagayan ng buhay ni Francis at ng kaniyang pamilya?

3. Ano ang hanapbuhay ni Francis?

4. Paano umunlad ang buhay ni Francis?

5. Bakit umunlad ang buhay ni Francis?

6. Dapat bang tularan natin si Francis? Bakit?

7. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng sipag at tiyaga sa trabaho?

8. Hadlang ba sa pag-unlad ang kahirapan? Bakit?

9. Bakit mahalagang makapagtapos ng pag-aaral?

10. Paano mo tutularan ang magandang katangian ni Francis?

# Aralin 1 Pagsagot ng Tanong na Bakit at Paano

## *Balikan*

Magaling! Matiwasay mong nasagutan ang mga katanungan mula sa kwento ni Francis. Ngunit kaibigan tayo'y nagsisimula pa lamang. Isa pang aralin na dapat mong matutuhan ngayon ay ang tungkol sa pagsagot ng mga tanong na bakit at paano. Huwag kang mangamba sapagkat narito lang ako ang iyong kaibigang si Kokoy kasama ang iyong mga kasama sa bahay at guro na nakaagapay sa iyong mga sasagutang gawain.



Handa ka na ba kaibigan? Tayo ay muling magbabasa ng panibagong kwento at matapos mong bumasa, **PANUTO:** Sagutin mo ang mga sumusunod na katangungan. Sa pagkakataong ito ay mayroon ka nang mga pagpipilian. Isulat mo ang sagot sa iyong sagutang papel.

**Lakas ng Loob**

Ulirang lubos si Dennis. Binigyan siya ng pera ng kaniyang ina upang gamiting puhunan. Binalak na gamitin ni Dennis sa pagtitinda ng prutas ang puhunan ngunit nag-atubili siya. Nag-aalala siya na baka hindi maubos ang kaniyang ibebentang prutas. Ang ginawa niya ay nagtanong-tanong siya sa mga kapitbahay, kakilala at kaibigan kung nais nilang magparasyon ng prutas. Sa bandang huli nagpasiya na rin siyang magtinda.

*Sariling akda: Ferdinand C. Legaspi*

Sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwento.

1.Ano ang binalak ni Dennis? Magtinda ng ______________.

A. tubig
B. prutas
C.diyaryo
D.kakanin

2. Bakit siya nag-alala?

A. wala siyang puhunan
B. uutangin lang ang prutas
C. hindi mauubos ang panindang prutas
D. walang bibili ng kaniyang panindang prutas

3. Ano ang kaniyang naging pasya?

A. ituloy ang pagtitinda ng prutas
B. ituloy ang pagtitinda ng kakanin
C. huwag nang ituloy ang pagtitinda
D. ituloy ang pagtitinda ng mga diyaryo

4.Paano inalam ni Dennis kung mauubos nga ba ang kanyang balak itinda?

A. Hinulaan na lamang niya
B. Nagtanong-tanong siya sa mga kapitbahay, kakilala at kaibigan kung nais nilang magparasyon ng prutas
C.Naghanap ng murang pagkukunan ng kanyang ititinda.
D. Nagtanong sa mga nagtitinda rin ng ganoon kung nauubos ba ang kanilang benta.

5. Kung ang lahat ng tao ay masipag at maparaan, ano katulad ni Dennis na ang mangyayari sa bansa?

A. uunlad
B. maghihirap
C. walang mangyayari
D. mangungutang palagi



***Tala para sa Guro***

Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para matukoy ang kahinaan ng mag-aaral




## *Tuklasin*

Kaibigan matanong ko lang kumusta naman ang kalagayan mo ngayong may *COVID 19*? Halika tayo'y magbasa at alamin ang nangyari sa isang pamilya sa panahon ng pandemya.

**PANUTO:** Matapos mong basahin ang kuwento ay tingnan naman natin kung naintindahan mo nga ba ito, Paano? sa pamamagitan ng pagsasagot sa mga susumunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



**Pagbangon sa Gitna ng Pandemya**




Masikip, mainit, dikit dikit na bahay, makipot na daanan at mabahong estero ang tinitirhan ng Pamilya Dela Torre sa Maynila. Nasa iskwater ang inuupahan nilang maliit na bahay. Mura kasi ang upa rito. Nagtitinda sila ng mga pangunahing pangangailangan sa maliit na espasyo ng kanilang bahay upang maitawid ang pang-araw araw nilang gastusin.

Naging maayos at masaya ang kanilang buhay. Malakas ang kanilang kita sa tindahan. Nakapagbukas pa sila ng isang puwesto ng paninda sa palengke dahil nakaipon sila ng pampuhunan. Napagtapos nila ng senior high school ang kanilang kaisa-isang anak. Magkokolehiyo na sana kung hindi dumating ang pandemya.

Nang nagkaroon ng *COVID -19* na pandemya, unti-unting nawala ang kanilang kabuhayan. Naisara ang kanilang puwesto sa palengke dahil sa kakapusan ng puhunan at dala na rin ng takot sa *virus*. Tanging ang maliit na tindahan nila ang nananatiling bukas at pinagkukunan ng pang-araw araw na pagkain. Sa kalaunan, naubos na rin ang puhunan nito. Nagsara na rin ang karinderyang pinagtatrabahuhan ng kanyang asawa dahil sa ipinatupad na *Enhanced Community Quarantine(ECQ).* Ngayon, umaasa na lamang sila sa bigay ng mga kapatid ni Aling Sendang na naninirahan din sa Maynila.

"Nakapagpasya na ako. Uuwi na tayo sa probinsya. Doon, kahit papaano, basta may bigas lang, makakakain tayo. Maaari tayong manguha lamang ng mga lamang-dagat," wika ni Mang Berto. "Oo nga. Nahihirapan na rin ako rito. Hindi tayo nakakakilos nang maayos dahil sa napakaraming biktima ng *COVID-19* dito sa ating lugar.

Bukas, magtatanong ako kung paano magproseso ng mga papel para sa programang Balik-Probinsya ng gobyerno," ani aling Sendang. "Mas mabuti kung nandoon tayo, balita ko ay wala pang biktima ng COVID-19 doon," dagdag ni Mang Berto. "May bahay naman tayo roon, di ba, Mama?" Tanong ni Jan Jan.

"Oo, anak. noong nakaluwag luwag pa tayo ay nakapagpatayo na tayo ng bahay doon," sagot ni Aling Sendang.

Kinabukasan, pumunta sa barangay si Aling Sendang. Agad naman siyang tinulungan ng *barangay health worker*. "Kailangang mag-aplay kayo sa Balik-Probinsiya na programa ng gobyerno. Sumunod sa *health protocol* na itinakda. Kailangan din ninyong mag-*quarantine* sa loob ng labing-apat na araw. Kung tapos na, bibigyan kayo ng *health certificate* upang makakuha ng *travel pass*. Kailangan din kayong makipag-ugnayan sa bayan na inyong uuwian." Paliwanag nito.

Dahil sa pagsunod nila sa *health protocol* at agarang pag-asikaso ng mga papel, nakauwi sila nang matiwasay. Sinundo sila ng ambulansiya ng bayan ng Sapian sa lalawigan ng Capiz at inihatid sa pasilidad ng gobyerno para sa labing-apat na araw na *quarantine.* Maghihintay sila ng resulta ng *swab test* .

Dumating ang takdang araw ng paglabas ng resulta. Kinabahan ang buong pamilya ngunit laking tuwa nila nang maging negatibo silang lahat sa *virus*. Nakahinga nang maluwag si Aling Sendang. Ilang araw na rin kasing hindi maayos ang kaniyang tulog sa kaiisip. Naluluha siyang nagpasalamat sa Diyos.

Nagsimula sila ng panibagong buhay sa probinsiya. Nagsikap silang itayo ang maliit na tindahan mula sa ipinaluwal ng kapatid na konting puhunan. Pinagtulungan nilang palaguin ang kanilang maliit na tindahan. Nakahinga sila nang maluwag at nakakakilos na nang maayos. Nawala na ang pangamba sa gutom at sakit.

***Sariling katha ni Marissa A. Olilang***

**Pag-usapan natin**

1. Sino ang pinag-uusapan sa teksto?
2. Saan nakatira ang pamilya Dela Torre?
3. Anong uri ng pamumuhay mayroon ang mag-anak bago ang pandemya?
4. Paano sila nakapagpatayo ng puwesto sa palengke?

5. Bakit nagsara ang kanilang puwesto sa palengke sa panahon ng pandemya?
6. Bakit nila naisipang umuwi ng probinsiya?
7. Paano nila nalaman ang proseso ng pag-uwi sa probinsya?
8. Bakit dapat sundin ang *health protocol* na itinakda ng barangay?
9. Paano sila nakasunod sa *health protocol* na itinakda?
10. Paano sila nakauwi?
11. Paano nakabangon sa kahirapan ang pamilya sa gitna ng pandemya?
12. Kung ikaw sa katayuan ng mga tauhan sa kuwento, ganito rin ba ang iyong gagawin? Bakit?

Ilan sa mga salitang ginagamit sa pagtatanong ay ang bakit at paano. Pag-aralan mo ngayon ang pagsagot ng mga tanong na bakit at paano. Palawakin mo pa ang iyong kaalaman upang lubos mong malaman kung paano mo mapadali ang pagsagot sa mga ito.



## *Suriin*



Kaibigan pagmasdan mo ang mga tanong, Napansin mo ba ang madalas na paggamit ng "Bakit at Paano". Alam mo na ba kung ano ang wastong pagsagot sa mga tanong na katulad nito? Kung gayon, Halika ka na! sabayan mo akong tunghayan paano mas mapadadali ang pagsagot sa mga tanong na **"Bakit at Paano".**

Sa bahaging ito ng Modyul, aalamin natin ano ang mga dapat isaalang-alang sa pagsagot sa mga tanong na **"Bakit at Paano".** Basahin natin ang mga sumusunod na halimbawa

Anong mga salita ang ginagamit sa pagtatanong tungkol sa binasa mong teksto? Nahihirapan ka bang sagutin ang mga katanungan? Ano ang dapat isaalang-alang kung sasagot ng bakit na katanungan? Pansinin mo ang tanong na nasa ibaba.

**Tanong:** Bakit naisipan nilang umuwi na ng probinsiya?

**Sagot:** Nahirapan na sila sa sitwasyon dulot ng pandemya at dumarami na ang biktima ng *COVID 19* sa kanilang lugar.

Kung napapansin mo, ang sagot sa tanong na bakit ay dahilan ng pangyayari. Samakatuwid, ang **bakit** ay humihingi ng kadahilanan ng pangyayari. Sa pagtatanong na ito ikaw ay gagamit ng kasanayang magpaliwanag. Sa pagpapaliwanag, nagagamit mo ang wasto at matalinong pag-unawa batay sa iyong nauunawaan sa paksang binasa o tinalakay. Ang sagot dito ay karaniwang nagsisimula sa kasi, dahil sa, o mangyari.


Ano naman ang maaaring sagot sa tanong na paano?Unawain mo ang halimbawa na nasa ibaba.

**Tanong:** Paano nakabangon sa kahirapan ang pamilya sa gitna ng pandemya?

**Sagot:** Nagsikap at nagtulong-tulong sila sa pagtaguyod ng kanilang ipinatayong tindahan.

Sa bahaging ito, ang **paano** ay tumutukoy sa karagdagang pagpapaliwanag sa komplikadong proseso. Ang sagot sa tanong na nagsisimula sa paano ay nagsasaad ng pamamaraan kung paano ginawa o nangyari ang isang bagay o sitwasyon.

Maliban sa mga nabanggit sa bahaging ito, ano-ano pa ang mga katanungan na bakit at paano sa kuwento? Sagutin ito.




## *Pagyamanin*



Kaibigan! Isa ka ba sa mga batang ganado mag-aral? O isa ka sa mga batang tamad mag-aral? Mag-isip-isip ka kaibigan. Halika! Basahin natin ang kwento ni Ambrosio at samahan mo akong tuklasin ano maaaring mangyari sa batang nagsusumikap mag-aral kumpara sa batang katamaran lamang ang pinapairal

**Nagsisi si Ambrosio**

Malapit na ang pagsusulit. Tamad mag-aral si Ambrosio. Palagi siyang naglalaro at nanonood ng mga palabas sa telebisyon. Ayaw niyang buklatin ang kaniyang mga aklat. Nang dumating ang araw ng pagsusulit, hindi ito mapakali. Pinawisan ito nang malagkit. Marami sa mga tanong ang hindi niya nasagutan nang mabuti. Sising – sisi si Ambrosio sa kaniyang pagpapabaya sa pag-aaral.

Malungkot na umuwi si Ambrosio. Mababa kasi ang nakuha niyang marka sa pagsusulit. Pagdating sa bahay, pinuntahan niya ang kaniyang nanay na nagtutupi ng mga damit sa may bandang sala. Agad na niyakap niya ang kaniyang nanay sabay abot ng kaniyang papel sa pagsusulit.

"Nanay, pasensiya na po. Nagpabaya po ako. Hindi na po ako uulit. Mag-aaral na po akong mabuti." Sunod – sunod na sambit ni Ambrosio. Tiningnan siya ng nanay. Tumango – tango ito, ngumiti, sabay sabing "aasahan ko iyan, anak."

*Sariling akda: Marissa A. Olilang*

## Gawain 1

**PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Mga Tanong:

1. Tungkol kanino ang iyong binasa?
2. Ano-ano ang mga katangian ni Ambrosio?
3. Paano ipinakita ni Ambrosio ang pagiging tamad sa pag-aaral?
4. Bakit hindi mapakali si Ambrosio sa araw ng pagsusulit?
5. Bakit malungkot siyang umuwi?
6. Nagsisi ba si Ambrosio sa kaniyang pagkakamali? Paano niya ipinakita ang kaniyang pagsisisi?
7. Ano ang reaksiyon ng kaniyang nanay sa kaniyang sinabi tungkol sa kaniyang pag-aaral?

**Gawain 2**



Kaibigan, Natatandaan mo pa ba ang mga kaibigan natin na sina Princess at Joanna. Tulungan mo naman akong alamin kung ano ang kanilang pinag-uusapan. Basahin natin ang kanilang mga diyalogo.

Tunay na Kaibigan, Nag-aalala!



Tara na Joanna, uwi na tayo, kasi parating na ang aking ama galing abroad. Sabik na akong makita siya!

Sandali lamang Princess. Tingnan natin ang mga anunsiyo sa paskilan. May gaganaping pagpupulong pala ang ating mga magulang sa darating na Sabado. Pag-uusapan sa pulong ang tungkol sa darating na pagtatapos ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

Ah gano'n ba, oh siya sige Joanna nagmamadali kasi ako kaya mauna na akong uuwi ha Princess, sabay na lang kayo ni Edna pauwi para di ka mag-isa. Mag-iingat kayo ha!

Sige mag-iingat kami sa pag-uwi, sisiguraduhin naming dadaan kami sa *pedestrian lane* kapag tatawid na papuntang sakayan

*Sariling Akda: Marissa A. Olilang*

**Mga tanong**

1. Sino ang nag-uusap sa diyalogo?
2. Ano ang kanilang pinag-uusapan?
3. Bakit hindi kaagad sumama si Joanna?
4. Bakit nagmamadaling umuwi si Princess?
5. Paano napapayag ni Princess si Joanna na hindi sila magsasabay pauwi?
6. Paano sila tatawid papuntang sakayan?
7. Bakit kaya matalik na magkaibigan sina Joanna at Princess?

**Gawain 3**

Ano kaibigan kaya pa ba? Aba! Syempre, kayang- kaya mo yan! Panibagong hamon muli ang ating haharapin, Tayo ay muling magbabasa ng kwento patungkol naman sa isang batang may malasakit hindi lamang sa kapwa tao kundi maging sa hayop. **PANUTO:** Matapos mong basahin ang kwento ay sagutin mo naman ang mga katanungang susukat kung iyo ngang naintindahan ang kwento ni Iya. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



Ginintuang Puso ni Iya

Nagwawalis si Iya sa kanilang bakuran. Matagal na niya kasing hindi nalinisan ito. Habang dinadakot niya ang tumpok ng tuyong dahon, may narinig siyang siyap. Napadako ang tingin niya sa malalagong mga halaman. Hinawi niya ang mga tanim at nakita niya ang sisiw na hindi makalabas dahil sa isang malaking batong nakaharang. Kinuha niya ang sisiw. Lumingon-lingon siya sa paligid hanggang makita niya ang ina nito. Agad niya itong nilapitan at inilapag doon ang sisiw upang makasunod sa kaniyang ina.

*Sariling Akda: Marissa A. Olilang*

1. Paano napansin ni Iya na may sisiw sa bakuran na kaniyang nililinisan?
   Sagot: ______________________________
2. Bakit hindi nakalabas ang sisiw sa mga tanim?
   Sagot: ______________________________
3. Paano nahanap ni Iya ang inahin?
   Sagot: ______________________________
4. Paano naibalik sa inahin ang kaniyang sisiw?
   Sagot: ______________________________
5. Kung ikaw si Iya, ganito rin ba ng iyong gagawin? Bakit?
   Sagot: ______________________________

## *Isaisip*



Kumusta na mahal kong kaibigan? Napansin mo ba ang paulit-ulit nating pagbabasa ng iba't ibang uri ng kwento? At kasunod nito'y pagsagot sa mga tanong na "Bakit at Paano." Sana ay tumatak sa iyong isipan ang halaga ng malalim na pag-unawa sa nabasang teksto o kwento,

Kaibigan, nais kong malaman ano ang iyong mga natutuhan sa pagsagot ng mga tanong na "Bakit at Paano". Ibahagi mo naman sa akin ano ang mga iyong mga dapat alalahanin sa pagsagot.
**PANUTO:** Kumpletuhin mo ang diwa ng pangungusap batay sa iyong nalalaman.

Ano na ba ang iyong mga natutuhan sa pagsagot ng tanong na bakit at paano? Kompletuhin ang pangungusap.

Ang **bakit** ay ginagamit ______________________________________________
_______________________________________________________________.

Ang **paano** ay ginagamit ______________________________________________
_______________________________________________________________.

Mahalagang matuto sa pagsagot nang wasto sa tanong na bakit at paano upang_______________________________________________________.

# *Isagawa*



Naghanda ako ng mga seleksiyong iyong babasahin, bawat isa ay susundan ng mga katanungang dapat mong sagutin. **PANUTO:** Piliin mula sa kahon ang iyong sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Matalinong Desisyon

Pinag-uusapan sa klase ni Bb. Clarisse Alindao sa ikaanim na baitang ang tungkol sa paninigarilyo. “Alam ba ninyo ang hindi magandang dulot ng paninigarilyo?” tanong ni Titser Clarisse. “Nagpapaitim po ito ng ngipin at labi.” agad na sagot ni Wilbel. “Masama po ito sa baga.” ani Sarah. Nagbubunga rin ito sa pagkakaroon ng kanser sa baga.” sambit naman ni Karyl. “Hindi lang iyan. Ito ay pinagmumulan rin ng kanser sa lalamunan.” wika ni Bb. Alindao.

Tahimik lang na nakikinig si Charlou sa pinag-uusapan. Palibhasa, bata pa’y marunong na siyang manigarilyo. “Ngayon, hindi na ako maninigarilyo,” pangako niya sa sarili.

*Sariling akda: Marissa A. Olilang*

Sagutin ang sumusunod:

1. Ano ang pinag-uusapan sa klase ng ikaanim na baitang?
2. Bakit hindi mabuti sa kalusugan ang paninigarilyo?
3. Paano nakikinig si Charlou sa pinag-uusapan?
4. Paano napagtanto ni Charlou na mali ang paninigarilyo?
5. Bakit nangako siya sa sarili na hindi na maninigarilyo?

Mga Pagpipilian:

A. tahimik na nakikinig
B. tungkol sa paninigarilyo
C. nagdudulot ng iba’t ibang sakit
D. narinig niya ang hindi mabuting dulot ng paninigarilyo
E. sinasabihan siya ng mga kaklase sa masamang dulot ng sigarilyo
F. natakot siya sa narinig na masamang epekto ng maagang paninigarilyo

## *Tayahin*



Tagumpay! Binabati kita kaibigan! Naabot mo na ang huling gawain sa modyul na ito. Bilang pagtatapos, **PANUTO:** Basahin natin ang isang akdang magtuturo sa atin ng halaga ng pagkakaroon ng kapatid. At pagkatapos nito'y sagutin ang panapos mong gawain

**Mapagmahal na Kapatid**

Si Ciara ay isang mabait na bata at mapagmahal na kapatid. Inaalagaan niya ito lalo na kung wala ang kaniyang nanay. Ngunit isang araw, nagalit si Ciara. Sinira ng kaniyang nakababatang kapatid na lalaki ang papel na sinulatan ng kaniyang takdang-aralin. Ipinatong niya ito sa ibabaw ng kama. Kinuha ito ni Hero, ang kaniyang kapatid. Pinaglaruan niya ito. Ginawa niya itong eroplanong papel hanggang sa mapunit ito.

"Ayaw ko na sa kaniya!" Nasambit niya habang lumuluha at hawak ang papel. Pinagsumikapan niyang sumulat muli ng panibagong takdang-aralin. Makalipas ang ilang sandali ay nakarinig siya ng isang malakas na kalabog. Nahulog ang kaniyang kapatid na si Hero mula sa silya. May galos ito sa pisngi. Pumalahaw ito ng iyak. Umaagos ang luha nito.

Nakalimutan ni Ciara ang kaniyang galit. Agad na niyakap niya ang kaniyang kapatid.

*Sariling akda: Marissa A. Olilang*

1. Bakit nagalit si Ciara sa kaniyang kapatid na si Hero?
    A. Makulit ang kaniyang kapatid.
    B. Hindi sumama sa kaniyang nanay si Hero.
    C. Masyadong malikot ang nakababatang kapatid.
    D. Pinaglaruan ang papel na sinulatan ng kaniyang takdang-aralin.

2. Paano ipinakikita ni Ciara ang pagmamahal sa kapatid?
   A. Binibigyan niya ito ng kendi.
   B. Inaalagaan niya ang kapatid.
   C. Pinagsasabihan niya ang kapatid.
   D. Isinusumbongniya sa nanay.

3. Bakit may narinig na malakas na kalabog si Ciara?
   A. Nahulog si Hero.
   B. May inihagis si Hero.
   C. Isinara ng nanay ang pinto.
   D. Binato nang malakas ang bahay nila.

4. Paano nakalimutan ni Ciaraang galit sa kaniyang kapatid?
   A. Nagpakitang-gilas ang kapatid.
   B. Binigyan siya ng pagkain ng kapatid.
   C. Niyakap siya ng kaniyang kapatid na si Hero.
   D. Nakita niyang may galos sa pisngi at umiiyak ito.

5. Paano ipinadama ni Ciara ang pagdamay at pag-alo sa kapatid?
   A. Pinalo niya ang kapatid.
   B. Niyakap niya ang kapatid.
   C. Pinatulog niya ang kapatid.
   D. Isinumbong niya ang kapatid sa nanay.

## *Karagdagang Gawain*

Mukhang Nabitin ka Kaibigan at gusto mo pang magbasa at sumagot ng mga tanong. Huwag mag-alala pagkat naghanda pa ako ng karagdagang gawain sakali mang naisin mo pang ito'y gawin. **PANUTO:** Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



Nang Dahil sa Online Game

Hatinggabi na nang matulog si Loraine sa kalalaro ng *online game* sa kaniyang *cellphone*. Tinanghali siya ng gising at kung hindi siya magmamadali ay mahuhuli siya sa klase. Dali-dali siyang bumangon at naligo. Hindi na siya kumain ng almusal. Sumakay na lamang siya sa traysikel kahit malapit lamang ang kanilang bahay sa paaralan.

*Sariling akda: Abadesa D. Sabordo*

**Masasagot Mo Ba?**

1. Bakit hatinggabi na natutulog si Loraine?
2. Tama ba ang kaniyang ginagawa? Bakit?
3. Bakit hindi siya kumain ng kaniyang almusal?
4. Paano siya pumunta sa paaralan upang hindi siya mahuli sa klase?
5. Paano niya maiiwasan ang pagtulog ng hatinggabi?

Nasagot mo ba nang tama ang mga tanong? Binabati kita! Tiyak ko na naragdagan na naman ang iyong kakayahan at kaalaman.

Batid kong naging masaya ka sa ating paglalakbay kaya naman sa susunod mong pag-aaral, asahan mong ako ay iyong makasasama sa **Modyul 3: Pangngalan at Panghalip**



## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. Tungkol kay Francis
2. Mahirap
3. Nagtitinda ng diyaryo sa umaga, nag-aaral sa gabi
4. Dumami ang bumibili ng diyaryo at naging suki nila
5. Dahil nakapagtapos siya at ang kaniyang mga anak ng pag-aaral
6. Opo, para umasenso sa buhay
7. Upang matupad ang mga pangarap sa buhay kaakibat nito at sipag at tiyaga.
8. Opo, ngunit lahat ay possible basta't may sipag at tiyaga
9. Upang makakuha ng mas maayos na trabaho at magkaroon ng mas maayos na buhay.
10. Magsisikap din ako na makatapos ng pag-aaral. At hindi titigil hanggat di natutupad ang mga pangarap.

**Balikan**

1.B
2.D
3.A
4.B
5.A

**Tuklasin**

1. Pamilya Delatorre
2. sa iskwater sa Maynila
3. maayos, masaya at nakaluluwag sa buhay
4. Nakaipon sila ng pampuhunan.
5. Naubos ang puhunan at natakot sila sa COVID-19 virus.
6. Nahirapan na sila sa sitwasyon dulot ng Pandemya at dumarami na ang biktima ng COVID-19 sa kanilang lugar.
7. Pumunta at nagtanong si Aling Sendang sa barangay.
8. Para masigurado na ligtas sa sakit ang bawat isa na uuwi ng kanilang probinsiya.
9. Isinagawa nila ang bawat alintuntunin na ibinigay ng barangay.
10. Nag-aplay sila sa Balik- Probinsiya na programa ng gobyerno.
11. Nagsikap at nagtulong-tulong sila sa pagtaguyod ng kanilang napatayong tindahan.
12. Opo, dahil kailangang na iligtas ang aking pamilya upang maging matiwasay at maayos ang aming buhay. *Tala: maaring tanggapin ang kahalintulad na sagot.*

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. Naglalaro at nanood lang siya ng telebisyon
2. Hindi siya nakapaghanda para sa pagsusulit
3. Dahil sa mababa ang kaniyang nakuhang marka sa pagsusulit
4. Niyakap ang ina sabay abot ng kaniyang papel sa pagsusulit
5. Nangako siyang mag-aaral na nang mabuti

**Gawain 2**

1. Sina Princess at Joanna
2. Tungkol sa pag-uwi
3. Dahil tumingin pa siya ng anunsiyo sa paskilan
4. Dahil darating ang kaniyang tatay galing abroad
5. Humanap siya ng kaniyang kapalit
6. Maingat silang tatawid sa pedestrian lane
7. Dahil nag-aalala sila sa isa't isa o di kaya' y dahil sabay silang umuuwi maliban lamang sa araw na iyon

**Pagyamanin**

**Gawain 3**

1. May narinig siyang siyap ng sisiw
2. Dahil may nakaharang na malaking bato.
3. Nagpalingon-lingon siya hanggang makita niya ang inahin
4. Nilapitan ni Iya ang inahin at inilapag doon ang sisiw.
5. Opo, dahil kailangan pa ng sisiw ang pagkalinga ng ina

**ISAISIP**

Ang **bakit** ay ginagamit kapag humihingi ng kadahilanan ng pangyayari.

Ang **paano** ay ginagamit sa karagdagang pagpapaliwanag sa pamamaraan sa paggawa o pangyayari.

Mahalagang matuto sa pagsagot ng wasto sa tanong na bakit at paano upang lubos na maunawaan ang binabasa.

**Isagawa**

1. B
2. C
3. A
4. D
5. F

**Tayahin**

1. D
2. B
3. A
4. D
5. B

**Isagawa Karagdagang Gawain**

1. Dahil sa kalalaro ng *online game* sa *cellphone*.
2. Hindi, dahil nakaapekto ito ng masama sa kaniya.
3. Dahil nagmamadali siyang makapasok sa kaniyang klase.
4. Sumakay siya sa traysikel
5. Huwag siyang maglaro ng online game sa gabi.

# *Sanggunian*


- *Most Essential Learning Competencies 2020 MELCs F6PB-If-3.2.1, pahina 221*
- *K to 12 Gabay Pangkurikulum 2016*
- *Sariling Katha*


.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph